NASAKOTE ng National Bureau of Investigation -Cyber Crime Division (NBI-CCD) ang sampung Chinese national na sangkot sa online gambling operations, kamakailan sa Angeles City.

Ipinrisinta ni NBI Director Dante Gierran sa mga mamamahayag ang mga suspek na sina Yu Size, Lin Hai Yang, Li Jun Qing, Yu Wen Quiao, Xiao Wen Lao, Cai Shut Rong. Lin Jingmin, Ju Shi Liu, Quo Zai Web, at Xiao Jian Zero.

Nabatid na naaresto ang mga suspek noong Nobyembre 23 matapos isilbi ang search warrant sa may -ari ng bahay na si Li Kun Ling sa may Marigold Street corner Don Tomas Dizon Avenue, Phase 3, Punta Verde Subd., Pulong Gatulad, Angeles City.

Nakumpiska ng NBI ang tatlong desk top computer at 25 cellphones sa bahay na ginagamit sa online gambling operation.

Bago ang pagsalakay minanmanan muna ng NBI ang operasyon at nang makumpirma ay nag-apply sa Capas, Tarlac RTC ng search warrant at saka sinalakay ang lugar.

Sinampahan ng kasong paglabag sa PD 1602 in relation to RA 10175 section par(c)(e) ng RA 8484 in relation to RA 10175,ang mga suspek sa Angeles Prosecutors Office. (Leonard Basilio)

# Sunog sa Noveleta

MAGPAPASKO na walang matitirahan ang tatlong pamilya matapos na lamunin ng apoy ang kanilang bahay sa naganap na sunog sa Noveleta, Cavite.

Sa ulat ni PO3 Rodel Abutin, ng Noveleta Municpal Police Station, dakong ala-1:45 ng madaling araw nitong Linggo nang nagsimula ang sunog sa bahay ng isang Geraldine Fernandez, 31, may-asawa, factory worker, ng Brgy. San Antonio 1 Noveleta.

Mabilis na kumalat ang apoy at nadamay ang katabing bahay na gawa sa light materials, bagama't mabilis naman nakalikas ang mga nakatira doon na tinatayang tatlong pamilya.

Tinatayang P90,000 ang halaga ng pinsala at hinihinalang dahil sa faulty electrical wiring ang pinagmulan ng sunog na sumailalim sa imbestogasyon ng Bureau of Fire Protection ng Noveleta.

Dakong alas-2:30 ng madaling araw nang ideklarang fireout at wala namang nasaktan o nasugatan sa insidente. GENE ADSUARA

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



# HELUSHKA, WALANG NADAANAN

Nasaraduhan ng bumanderang si Jersy Crown sakay ni Onyok Garcia ang rumeremateng kakuwadra niya na outstanding favorite na si Helushka na sakay naman ni John Alvin Guce. Ang siste pagliko sa huling kurbada ay bumuka palabas si Jersy Crown at ang nasa labas na kalaban na si Kapayapaan ni Unoh Hernandez, kaya ang nangyari ay nagkaroon ng malaking pagkakataon si John Alvin na magtuloy- tuloy sa may tabing balya dahil nakasilip ng maluwag na madaraanan. Ang kaso sa huling mga 200 metro ng bakbakan ay matulis na pumaloob patabing balya si Jersey Crown kaya ang nangyari ay makailang beses naudlot ang pagremate sa loob ni Helushka, kaya sa puntong iyan ay solong nakatakbo sa labas si Kapayapaan at sinamantala iyon ni Unoh na nagkaroon ng siksikan yung coupled runners sa gawing loob hanggang sa pagdating sa meta ay naka ungos sa labas iyong dala ni Unoh laban sa saka pa lamang nakalusot na si Helushka. Sa karerang iyon ay maraming karerista ang nagalit kay Onyok sa nangyari na hindi nakontrol ang kanyang renda gayong paniguradong alam niya na sumisigaw na sa gawing loob niya si John Alvin upang huwag masaraduhan. Kaya tuloy ang bayang karerista ay hindi nawala ang pag-iisip at paghihinala na sinabotahe ni Onyok ang kakuwadra upang magwagi sa laban iyong kabayong si Kapayapaan. Ayon pa sa mga beteranong karerista ay malamang na nakampihan at napaboran ni Onyok Garcia iyong koneksiyon nung nagwagi dahil siya iyong nagpanalo sa kabayong si Lakan sa naganap na malaking pakarera kamakailan lang.

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

I, **CECILLE BAYTA-COLEBROOK**, Filipino citizen, of legal age and presently residing at # 704-C Antel Seaview Tower C, 26 after having been duly sworn to in accordance with law, hereby deposit and state: 26 Roxas Blvd. Pasay City,

1. I am the widow of **MULFORD JAY COLEBROOK**.
2. The aforementioned deceased husband died in the City of Pasay, Metro Manila, which was his residence at the time of his dead August 18, 2018;
3. Said deceased died without leaving any will nor debts;
4. Said deceased left a Bank Account at Banco de Oro Direct Deposit Account No. 104471163186,maintained at SM Hypermart Adriatico Branch with a total balance of US $ 4,000.00, more or less
5. By virtue of Rule 74, Section 1 of the Rule of Court, I hereby adjudicate to myself the entire estate above-described.

That I am executing this affidavit to attest of the foregoing facts and for whatever legal purpose it may serve under the law.

Further I Sayeth None.

**CECILLE BAYTA-COLEBROOK**
AFFIANT

SUBSCRIBE AND SWORN to before ,e this October 30, 2018 at Pasay City, Philippines, the affiant exhibiting to me his/her Ctc./ Passport no.____ isuued at _____ on ________.

Doc.No.379
Page No. 77
Book No. III
Series of 2018

**ATTY. HENRY D. ADASA**
Notary Public
City of Pasay
Valid Until 2018

**Publication: HANEP** December 3, 10 & 17, 2018

# MARAMING NAGMAMAHAL AT NAGTITIWALA KAY MAINE MENDOZA



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 93 labas)**

HINDI nagpaawat si Kardo sa pagkain ng sobra kaya naman ramdam na ramdam niya ang grabeng kabusugan.

"Ikaw talagang tao ka, ang sabi ko naman sa'yo ay hinay-hinay lamang sa kain."

Ipinagtimpla ni Lyka si Kardo ng mainit na tsaa at pinigaan niya iyon ng kalamansi.

"Inumin mo 'tung hot tea with calamansi para matunawaan ka sa dami ng nakain mo."

Kung maasikaso at maalalahanin ang misis ni Kardo ay ganoon din sa kanya si Lyka.

Kaya naman ganap na ring nahulog ang loob ni Kardo kay Lyka sa kabila na siya ay may asawa at anak na.

Lalo pa at nagkaanak si Kardo kay Lyka kaya ang kanyang oras ay napapahiram niya sa ibang pamilya.

"Gising na Kardo at mag-aalas-dose na ng hatinggabi, baka kung ano pa ang isipin sa'yo ng misis mo."

Pagkatapos kumain at makapag-tsaa ay nahiga si Kardo at nakatulog.

Pero bago natulog ay nagkaroon siya ng pagkakataong tabihan at sipingan si Lyka.

Kaya naman hindi napigilan ni Kardo ang medyo mahimbing sa pagkakatulog.

"Aba! Aba…aba… at mukhang nasa kondisyon ka ah, bakit dinidyeta ka ba misis mo?"

Nang gisingin ni Lyka ay hinihiritan pa siya ni Kardo para muling makapagtalik.

Si Lyka basta ganoong humihiling pang muli si Kardo ng isa pa ay hindi siya nag-aatubiling magbigay.

Iyon ang pagkakaiba ni Inday kay Lyka, kapag humiling si Kardo at ayaw ng kanyang misis ay wala siyang magagawa.

Hindi kagaya ni Lyka, kapag nagrekwes si Kardo ng isa pang round ay pinagbibigyan niya.

Dahil humirit pa kaya naman madaling-araw na ng makauwi si Kardo.

"Saan ka nanggaling? Ang sabi mo ay gabi lang makakauwi ka na."

"Bakit inabot ka na ng madaling-araw? May-roong 'di magandang balita."

(Itutuloy)



## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-92 labas)**

MAGANDA talaga ang bonding at samahan ng magkakapatid kahit puro lalaki sila.

Isa pa kahit lumaki sila sa hirap ng buhay at maagang naulila sa ama at ina.

Hindi naging hadlang ang kahirapan at ang maagang pagkakaulila sa magulang para lumaki silang tatlo sa kabutihan.

Ang kahirapan pa nga ang nagsilbing sandata nila upang lumaban sa takbo ng buhay.

At ang higit na ipinapasalamat ng tatlong magkakapatid ay nang dumating sa kanilang buhay si Aling Tita.

Kaya naman lahat-lahat ay gagawin ng tatlo lalung lalo na si Dagul para sa kanilang auntie.

Si Aling Tita na hindi lamang auntie o tiyahin para sa kanila bagkus ay isang magulang o ina na kanilang pakakamahalin habang silang tatlo ay nabubuhay.

"Nasa ano po 'atorni, nasa kaibigan ko. Pero ang malaking problema ay patay na po ang kaibigan kong 'yun."

"Maniwala po kayo sa akin 'atorni, patay na ang kaibigan ko at ang mga kamag-anak naman n'ya ay walang alam 'dun sa ipinatago ko sa kanya."

Biglang natigil sa pagmumuni si Dagul dahil nagsalita at kinausap na siya ni Caloy.

Para kay Dagul ay tila umaayon pa ang kanyang narinig mula kay Caloy.

"Iyon ang pag-asa mo, ang passbook lalo na ang titulo ng lupa."

"Maaaring magamit 'yun upang maging pera at para magkaroon ka ng pang-areglo sa pamilya ng biktima."

Naniniwala si Dagul na nagsasabi ng totoo si Caloy at pumapabor iyon sa kanya.

Walang magagamit na pera kaya iyon ang magiging dahilan ni Dagul na hindi niya mailalabas ng kulungan si Caloy.

"Kung totoo ang sinasabi mong patay na ang kaibigan mo ay wala tayong pagkukunan ng pera upang pang-areglo."

"Anong gagawin natin?"

Tanong iyon ni Caloy na ang kasagutan ni Dagul ay simple lamang.

(Sundan)

## HANEP SHOWBIZ

TULAD sa karaniwang indibidwal, sa mga artista ay hindi maiaalis o mawawala na mayroong naaasar o nagagalit.

Siyempre sa mga nakapaligid sa iyo o sa atin ay hindi lahat iyan ay kakampi.

Ganyan ang realidad, ikaw mismo ay tanungin ang iyong sarili na kasangga mo ba ang lahat ng nakakasalamuha.

Bigyang halimbawa natin itong si Maine Mendoza, paano nga ba siya nagsimula?

Paanong umusbong at lumaki nang lumaki ang pangalang Maine Mendoza?

Obyus naman na kahit hindi ka solid 'Kapuso' ay napakalaking papel ang 'Eat Bulaga' sa pag-usbong ng kanyang pangalan.

Sa mga unang ratsada ni Maine sa naturang noontime show ay anu-ano ang kanyang ginagawa.

Kung ang mga hindi gusto ang aktres ay 'engot' o mukhang tanga ang pinaggagagawa niya.

Tila kunsuwelo na lamang na ibigay sa kanya ang bansag na dub mash queen.

Hanggang sa ganap na bumango ang kanyang pangalan dahil itinatambal si Alden Richards kaya nabuo ang 'AlDub.'

Ang mga kalaban ay natural na ipagsisigawan na si Alden ang humatak sa kasikatan ni Maine.

Sumikat o nagkapangalan man si Maine ay isa lamang ang ibig sabihin, nakatadhana sa kanya iyan bilang kapalaran niya.

Kung babagsak man o malalaos ay kapalaran pa rin ang magdidikta.

Hindi naman kaila na lusaw na ang 'AlDub' tandem, sapat na ba iyon para sa paghuhusga.

Mali dahil hayan at umiindayog pa rin ang magandang career ng aktres.

Pagpapatunay na maraming nagmamahal at nagtitiwala kay Maine.

Kaloka nga lamang ay nasa katotohanan ba ang sinasabing Maine-Arjo Atayde relationship?

Sinusulat ko ito, mismong sa inang si Sylvia Sanchez ay walang kumpirmdong sagot ang anak sa kanya tungkol dito.

Ang sabi lamang ng beteranang aktres, nirerespeto niya kung ano man ang gusto ng kanyang anak.

Kung ayaw o gusto man magsabi ni Arjo ay iginagalang iyon ng kanyang inang si Sylvia.

Eh kayo po ba, ayos lang ba sa inyo ang relasyong Arjo at Maine?

@@@


**GOODLUCK CATRIONA**

Biyaheng Thailand ang ating 2018 Binibining Pilipinas-Universe na si Catriona Gray.

Inamin niya na nakakaramdam siya ng kaba lalo at papalapit na nang papalapit ang Miss Universe coronation.

Kahit sino naman siyempre ay dadagain ang dibdib pero marami ang kumpiyansa sa 24-year old Fil-Australian beauty na tubong Albay.

Goodluck Catriona.



# PRODUCTIVITY EXPERTS SHARE NOVEL PRACTICES IN TAGAYTAY MEET

**TAGAYTAY CITY — Several foreign development and productivity sector experts and partnership analysts on Friday shared their best innovative practices during the two-day International Conference on Public Sector Productivity at the Development Academy of the Philippines (DAP) Conference Center here.**

Dr. Santhi Kanoktanaporn, Secretary-General of the Asian Productivity Organization (APO), led prominent resource persons in the summit themed "Shaping a Future-Oriented and Smart Public Sector."

"Governments are starting to use innovations, information, and communications technology as early as the 1990s to create online services and automate processes in business and citizen interaction mechanisms," Kanoktanaporn said.

He noted the need for the public sector to go for more efficient and effective innovative solutions and scale up quality and productivity aspects.

"The information and communication technology, particularly the internet and mobile phones, has unleashed the massive force not only to influence our lives and offices, but also has made a tremendous impact on everything that we do today," he said.

Kanoktanaporn said current digital technology environment has, even more, challenged the government and the public sector on how to meet increasing citizens' expectations, thus prompting countries to improve their performance and productivity to address challenges on climate change, food security, energy, water, financial markets, and the global economy.

The APO as a regional intergovernmental organization, according to Kanoktanaporn, has been supporting member-countries to address the challenges and for the sustainable socio-economic development of Asia and the Pacific through productivity enhancements.

The APO was established in 1961, with the Philippines as one of the founding countries.

The DAP serves as the organization's implementing arm in the Philippines.

The APO International Conference on Public Sector Productivity is a platform for driving higher and sustainable productivity in the public sector through knowledge sharing among governments, think-tanks, academe, private institutions, and civil organizations in the Asia Pacific region.

The conference aims to optimize knowledge with innovative approaches, emerging trends, and new technologies to address the growing complexity of public sector productivity issues.

Meanwhile, Dr. Fadhil Bakeer Markar, partnership analyst of the United Nations Development Program (UNDP) in Sri Lanka, shared that innovation also requires "learning to unlearn," so that one could usher in new ideas, new insights, and thinking out of the box.

Markar stressed the need to review the systems and realize there is room to re-invent and do things differently.

Markar pointed out that innovative entities and public sector innovations across the world have set up structures, which are viewed from different perspectives.

"The solutions of today and solutions for tomorrow requires multiple disciplines," he said. "Any problem that needs to be analyzed is not just one because of the questions: who are we serving that uses human-centric design and who are you providing services to?"

He advised that in public service deliveries, implementers need to look at the process. "Tweak a little bit" but this doesn't mean changing the whole process," he said.

Other foreign resource speakers in the conference included Dr. Emma Blomkamp of Paper Giant in Australia, Executive Vice President Tengku Azian Shahriman of PEMANDU Associates in Malaysia, Dr. Tuomo Kuosa of Futures Platform in Finland, Revor Lui of Knowledge Associates Hong Kong Ltd., and Masato Kuki of Pirika Inc. of Japan. ***(Saul Pa-a/PNA)***

# P350K 'party drugs' kumpiskado sa 'Kyusi

**APAT** na lalaki ang naaresto ng mga tauhan ng Manila Police District Station Five (Ermita) matapos makumpiskahan ng iba't ibang uri ng cocaine o capsule (party drugs ) sa ikinasang buy-bust operation sa Quezon City.

Ayon kay Police Supt. Igmedio B. Bernaldez, station commander ng MPD PS Five, hindi muna pinangalanan ang mga suspek, na pawang taga-Caloocan at Quezon City, dahil mayroon pa silang follow-up operation.

Ayon sa imbestigasyon ni PO2 Paulo Levin Angelo P. Nerviza , dakong 11:30 ng gabi nang maaresto ang apat sa harap ng Mini stop Shell Loyola Heights, Quezon City.

Ayon kay PO1 Francis Mikko Gagarino, na nagsilbing pouser buyer, oorder sila ng dalawampung libong piso halaga ng ecstasy sa social media .

Nabatid na isinagawa ang buy -bust operation sa pinangyarihang lugar na kung saan nahuli ang driver at kasama nito at dalawang lalaki na umano'y kanilang parokyano.

Nakumpiska sa mga suspek ang dalawang daang piraso ng ecstasy na nagkakahalaga ng dalawang daang piso at dalawang gramo ng cocaine na nagkakahalaga ng siyam na daang libong piso.

Aminado ang suspek na nagbebenta umano siya ng ecstasy at nabilhan siya sa nasabing operation.

Aminado din ang driver na alam niya na illegal ang ginagawa, at ayon pa sa dalawang suspek na bibili lang sila ng tig -isang pakete.

Nakumpiska din mula sa suspek ang tatlong sasakyan na kanilang ginamit sa pagkuha ng illegal na ecstasy.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Dangerous drug Act of 2002. **(leonard basilio)**



**SINALAKAY** ng mga tauhan ng National Bureau of Investigation (NBI) Intellectual Rights Property Division ang isang bodega sa Morayta, kanto ng, Claro M. Recto na nagresulta sa pagkakakumpiska ng mga libro at text books na umano'y illegal na iniimprenta para sa law, medical, at accounting students gayundin ang para sa mga high at elementary school. Ang aksiyon ay bunsod ng isinampang reklamo ng REX Publishing dahil sa sinasabing illegal na pag-iimprenta ng libro. **(Christian Heramis)**

# Cavite Gateway Terminal formally opens

**Municipality of Tanza, Cavite (PIA) —** "The efficient transport of cargoes and goods to and from our ports is an important element in the supply chain industry", President Rodrigo Duterte remarked last Thursday, November 22 as he led the inauguration of the Cargo Gateway Terminal (CGT) – the first and only container barge port in the country located in Barangay Capipisa.

The container terminal is a project under the 'Build, Build, Build' program of the Duterte administration that is expected to ease perennial problem of port congestion as well as reduce traffic in Manila.

President Duterte emphasized "By allowing the transport of cargoes by sea instead of by land, this project is expected to result to 140,000 fewer truck trips per year. This will not just decongest our roads but will also address the long queue of trucks in the port of Manila."

"As the first and only Roll-On-Roll-Off (RORO) barge terminal for international containers in the country, this terminal will promote inter-regional trade and development, provide greater access to South Luzon, and spur the growth of its thriving industries," added the President.

The terminal's location in the municipality is a strategic choice; with the presence of major economic zones such as the Cavite Export Processing Zone in General Trias city and First Cavite Industrial Estate in the city of Dasmariñas and big manufacturing companies that had put up their investments in the province, the terminal will provide cost-effective and time-bound access to the Cavite market and an integral link with other major Luzon port facilities.

In partnership with the International Container Terminal Services, Inc. (ICTSI), the project would alleviate the port congestion since the terminal could accommodate 115,000 twenty-foot equivalent units of containerized cargo.

Accompanying the president during the inauguration were Executive Secretary Salvador Medialdea, Department of Transportation (DOTr) Secretary Arthur Tugade, ICTSI Chairman Enrique Razon, Jr., and ICTSI Senior Vice President Christian Gonzales.

The President was hopeful for the project's success saying, "May this terminal serve as a model for other similar port infrastructure projects across the country. Together, let us work hand in hand as we lay down the physical foundations of a better life for every Filipino. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite)***

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

Upholstery
0947-3254064
Look for Rommel

B3W Motor Shop
(Maayos na serbisyo
sa mababang presyo)
Ligtong 3, Rosario, Cavite

Tata Ver's Family KTV(TVFK)
Home of exotic pulutan
Located at 1337 Juan Luna St.
corner Perla st.,Tondo Manila

MANS ALTERATION-TAILORING
Located at Town Plaza
Noveleta,Cavite

SOUTH STAR PRINT CENTER
Alima, City of Bacoor, Cavite
Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.
We also buy and sell all kinds of printing machineries
Contact: (046) 434-6167
Cell: 0916-5397268/
0918-6174067

# SUSPENSIYON, KANSELASYON NG AKRIDETASYON SA ILANG PAHAYAGAN IPINATAW NG DASMARIÑAS CITY RTC 90

**DASMARIÑAS CITY, Cavite**— ISANG kapasyahan ang inilabas kamakailan ng Regional Trial Court (RTC) Branch 90 ng Dasmariñas City, Cavite, na nagpapataw ng suspensyon at kanselasyon ng akreditasyon ng ilang 'weekly local newspaper' nauna nang ipinagkaloob ng nasabing hukuman bunga ng umano ay paglabag ng mga ito sa Presidential Decree 1079. Batay sa EJ Matter No. DC-001-18 na ipinalabas ni RTC Branch 90 Presiding Judge Niven R. Canlapan, ang mga pahayagan pinatawan ng suspensyon o kanselasyon ng akreditasyon upang lumahok sa 'raffle' ng mga 'judicial notice for publications' na isinasagawa ng hukuman sa itinakdang araw bunga ng paglabag sa probisyon ng PD 1079 (Revising and consolidating all laws and decrees regulating publication of judicial notices, advertisements for public biddings, notices of auction sales and other similar notices) na nilagdaan ni dating Pangulo Ferdinand E. Marcos noong Enero 28, 1977. Ang nasabing dekreto ay nagsasaad na nararapat na may tanggapan ang isang publikasyon sa lungsod, munisipalidad o lalawigan na kung saan ito may akreditasyon na ipinagkaloob ng hukuman. Sa isang bahagi ng Section 1 ng PD 1079, itinatakda ang sumusunod: "All notices of auction sales in extra- judicial foreclosure of real estate mortgage under Act No. 3135 as amended, judicial notices such as notices of sale on execution of real properties, notices in special proceedings, court orders and summonses and all similar announcements arising from court litigation required by law to be published in a newspaper or periodical of general circulation in particular provinces and/or cities shall be published in newspapers or publications published, edited and circulated in the same city and/or province where the requirement of general circulation applies: Provided, That the province or city where the publication's principal office is located shall be considered the place where it is edited and published: xxxx" Ito rin ang isinasaad sa 'en banc resolution' (A.M. No. 01-1-07-SC.-Re: Guidelines in the Accreditation of Newspapers and Periodicals and in the Distribution of Legal Notices and Advertisements for Publication.) na ipinasa ng Korte Suprema at nilagdaan ni Chief Justice Hilario Davide, Jr at mga mahistrado noong Oktubre 16, 2001. Sa ilalim ng 'sub par. (2), par (d)' ng Sec. 3 (Application for accreditation) ng nasabing resolusyon, itinatakda ang sumusunod: "(2) That the newspaper or periodical is edited, published and circulated in the province or city where accreditation is sought;" Ang mga pahayagang pinatawan ng suspensyon ay binigyan ng hukuman ng isang buwan o 30 araw upang ayusin at ipaalam sa hukuman na may tanggapan ang kanilang publikasyon sa lalawigan. May 10 publikasyon naman ang kinansela ang akreditasyon bunga nang kawalan ng angkop na tanggapan at hindi pagsipot o nahuling pagdating sa ipinatawag na pagpupulong ng hukuman para sa nasabing isyu. Ang kapasyahang ito ay isinagawa makaraan ang isang 'ocular inspection' ng tauhang itinalaga ng hukuman para dito. Batay sa resolusyon ng Korte Suprema, binibigyan ng kapangyarihan ang isang hukom upang suspindihin o kanselahin ang akreditasyon ng isang publikasyon sa ilalim ng Chapter V, Section 16 na nagsasaad ng: V. Revocation of Accreditation: Sec. 16. When accreditation may be suspended or revoked. – The Executive Judge may suspend or revoke the accreditation of a newspaper or periodical when it is established in a summary hearing that the said newspaper of periodical no longer complies with the requirements for an accredited newspaper or periodical as prescribed herein or has violated any of the provisions of P.D. No. 1079. Ang mga sumusunod na pahayagan naman ay pinahintulutan ng hukuman upang patuloy na lumahok sa mga gaganaping 'raffle' ng 'judicial notice for publications' dahil sa pagkakaroon ng tanggapan at pagtalima sa mga probisyon ng PD 1079. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: 3Star News, Action Balita, Asian Star Express Balita, Cavite Times Journal, Diyaryo Kabitenyo, Perlas ng Silangan Balita, at Pulso ng Makabagong Kabitenyo. Ang mga nabanggit na pahayagan ay binigyan ng 30-araw upang isumite sa hukuman ang iba pang mga dokumento. Binigyan naman ng limang araw ang Cavite Topnews upang sumulat at ipaliwanag ang dahilan kung bakit hindi ito dumating o nahuli sa pagdating sa pulong na ipinatawag ng hukuman samantalang ito ay ipinabatid ng korte ilang araw bago ito ganapin. **(elc)**




**FISPC** national president Francisco "Popoy" Pagayon addresses guests and participants in the 2018 National Inventors Week in Batac City. "Tangkilikin ang imbensyong Pilipino; tangkilikin ang InventrePinoy," goes his call.

# 2018 National Inventors Week, pinangunahan ng FISPC

**BATAC CITY** - Pinangunahan ng Filipino Inventors Society Cooperative (FISPC), sa pamumuno ng pangulo nitong si Francisco "Popoy" Pagayon ang katatapos na pagdiriwang ng ika-25 National Inventors Week.

Sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology (DOST), Technology Application Institute (TAPI), Marcos State University (MMSU), Pamahalaang Panlalawigan ng Ilocos Norte at Lungsod ng Batac ginanap ng FISPC ang pagdiriwang nitong nakaraang Nobyembre 20-23 sa Teatro Ilocandia sa Batac City, Ilocos Sur.

Naging tampok ng pagdiriwang ang "exhibit" ng iba't-iang imbensiyong Pinoy, mga talakayan sa agham at teknolohiya, "entrepreneurship seminars" at iba pa. "InventrePinoy para sa tuloy-tuloy na paglago at kasaganaan" ang tema ng pagdiriwang.

Itinatag ang Filipino Inventors Society (FIS) noong 1943 na panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kaya ang pagdiriwang ng NIW ngayong taon at nataon sa ika-75 taong (Diyamante) anibersaryo nito. Itinatag ito nina eoPuruganan, Dalmacio Buenaventura at Pastor Reyes-Torres.

Ayon kay Pagayon, itinutulak ngayon ng FIS ang "InventrePinoy" program na naglalayong matutunan ng mga imbentor kung paano nila magagawang negosyo at mapalago ang kanilang mga imbensiyon, at makatulong sa pagpapaunlad sa bansa.

Sa palatuntunang ginanap kaugnay ng 2018 NIW, sinabi ni Dr. Shirley C. Agrupis, pangulo ng MMSU, na "tunay at sadyang kahanga-hanga ang pagpupunyagi ng mga imbentor a at kaagapay nila ang sektor ng akademya sa layuning lalong palaguin ang kahusayan ng mga Pilipino tungo sa lalong makabuluhang pagbabago ay pagsulong ng bansa."

Hinikayat naman ni DOST Sec. Ang Fortunato T. de la Peña ang pakikiisa at pakikipagtulungan ng iba't-ibang sektor, kasama ang media, tungo sa lalong pagpapalaganap ng mga kaalaman sa pagkumersiyo sa mga likhang imbensiyong Pinoy, kasama na ang "intellectual property protection" ng mga ito.

Pinasimulan at inilunsad ni Pagayon ang "InventrePinoy program" para maging tulay sa pagitan ng mga imbentor at negosyante. Hinihikayat niya ang lahat ng sector na suportahan ito.

Isa sa pinakamatagumpay na imbensiyon ni Pagayon ang Probaton, isang batutang gawa sa matigas at matibay na materyal na ginagamit na ngayon ng libu-libong mga pulis, barangay tanod at guwardiya sa buong bansa.




# Graduating student 'swak sa kulungan

**SWAK** sa kulungan ang isang 21-anyos na graduating student ng Hotel and Restaurant Management matapos na kumupit ng tinatayang P6, 349.75 halaga ng grocery sa loob ng isang mall.

Hawak ngayon ng Cavite Police ang suspek na si Dennielle Pamatian, 21, ng 1089 Kalayaan St., San Antonio, Cavite City dahil sa reklamo ni Harry Dajan, 34, selling assistant ng SM Supermarket, Bacoor City Branch sa Bacoor City, Cavite.

Sa ulat ni PO3 Roy Vincent Reyes, dakong alas-8:30 ng Lunes ng gabi nang pumasok ang suspek sa loob ng SM Supermarket, Bacoor City branch at nagkunwang customer at kumuha ng trolley at dumiretso sa bag section.

Kumuha ang suspek ng dalawang bag, isang sling bag na nagkakahalaga ng P250 at isang bag pack Fashion stripe na nagkakahalaga ng P349.75 saka nagtungo sa loob ng supermarket at nagpaikut-ikot.

Ipinasok sa kanyang kinuhang bag ang dalawang lingerie, lotions, facial cream, Biofresh, lipstick , eye liner, pineapple juice, peanut butter, mga gulay at manok na umabot sa P6, 347.62.

Pagdating sa cashier ay nagbayad lamang ito ng ilang items subalit wala siyang binayaran sa dalawang bag na kanyang dala hanggang sa nakalabas ito.

Pero lingid sa kaalaman ng suspek ay kanina pa siya napansin ng civilian guard kaya paglabas nito at habang naglalakad sa loob ng mall ay pinigil siya at imbitahan sa loob ng security office.

Ayon kay PO3 Reyes , nagawa lamang umano ng suspek ang pangungupit dahil siya ang bread winner sa kanilang pamilya.

Kasong theft thru shoplifting ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# ‘SPIDER MAN’ NG CAVITE, NALAMBAT

**SA mga rehas na bakal sa loob ng custodial center ipinagpatuloy ang paglalambitin ng binansagang ‘Spider Man ng Cavite’ matapos itong naaresto habang aktong nasa bubugan ng isang hotel at nag-aabang ng masisikwat sa Silang.**

Hawak ng Silang Municipal Police Station ang suspek na si Ben Clarito, binate, ng Brgy. Iba, Silang dahil sa reklamo ng Star Gazing Hotel and Resort na matatagpuan sa Brgy. Lalaan 2nd, Silang.

Sa ulat ni PO1 John Aldrine Patam, ng Silang MPS, nasasagawa ng roving inspection ang guwardiya ng resort dakong alas-8:00 ng Linggo ng gabi nang napansin na tila may anino na nakalambitin sa itaas ng bubong ng isa sa kuwarto ng isang guest malapit sa bakod ng nasabing hotel.

Nang lapitan ni SG Lojera ang anino ay nakita niya ang suspek na nakadapa sa bubong kaya inutusan bumaba kung saan nakuha sa kanyang pag-iingat ang isang mikropono at P1,000 cash.

Nabatid na ang narekober na gamit at pera ay nakuha sa Admin Building ng hotel kung saan palagi umano itong hindi nakasara.

Kasong Theft ang isinampa laban sa naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# Tondo pinasaya ni Atong Asilo

**(Istorya at mga larawan ni Freddie Manalac)**

**NAKARAMDAM** ng hindi matatawarang kasiyahan ang mga residente ng mga barangay na nasasakupan ng distrito (1) uno sa Tondo, Maynila.

Bunsod ito ng inisyatibo ni Congressman Atong Asilo na palarong ‘Bingo.’

Hindi lamang ang mga residente ng mga barangay ang natuwa sa naturang palaro ni Asilo.

Naghatid din ang palarong ‘Bingo’ ng sobrang tuwa sa mga matatanda o senior citizen.

Sa bawat babanggitin ang pangalan ni Asilo ay sinasabayan ng malalakas na palakpak at pagsigaw mula sa mga naaaliw na manlalaro.

Mismong si Asilo ay nakisali sa paglalaro gayunman ay hindi kabilang sa mananalo.

Hangad lamang nitong maging kabahagi ng kasiyahang nararamdaman ng kanyang mga kalugar.



Pinapaikot ni Congessman Atong Asilo ang tambiolo sa pagsisimula ng pabingo.



Seryosong tinatatakan ni Cong. ang isang card pero hindi siya kasali sa bingo.



Konsehal Taga Fajardo nagbigay din ng papremyo para sa mga naglalaro ng bingo. Katabi niya si Allan, ang host ng palaro.



Inaabot ni Cong. Asilo ang premyong apliances sa tumama sa bingo.



Isang cash prize naman para sa tumama sa main event ng pabingo.



Si Konsehal Edgard Solis isa sa mga nagbigay ng papremyo sa pabingo.


“Malinis Masarap, Laging Bago”

PING-PING Lechon & Rest. Inc.

Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services

Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622

Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668

Look for:
Bong or William




# HANEP

Basahin Mo Ito!

KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



## Diskresyon ng judge?

**MARAMING** kapwa ko publishers ang umaray sa naging hakbang ng pamunuan ng mababang hukuman ng Dasmariñas City, Cavite.

Ako ay hindi naman apektado dahil ang aking pahayagan ay hindi pa naman akredito sa Regional Trial Court doon.

Nakakalungkot nga lamang na mahigit isang taon na ang aking aplikasyon sa korte roon ay wala pa ring katugunan.

Dapat sana nitong nakaraang Mayo subalit sa hindi inaasahang pangyayari ay namatay ang dating Hukom kaya hindi naikalendaryo ang hearing ng HANEP.

Sa Tagaytay City RTC naman bagaman buhay na buhay ang judge doon, na minsan kong naging idolo at nakakahalubilo kapag may media coverage noong panahong siya ay nasa serbisyo pa sa Western Police District dahil ako ay isang beat reporter and photojournalist ng daily tabloid newspaper, ay nananatili pa ring nakabinbin ang inihain kong petisyon na lagpas isang taon na rin po.

Heto pa rin po ang inyong lingkod na nananatiling naghihintay sa susunod na aksiyon ng RTC ng Dasmariñas City at Tagaytay City.

Kung ano man ang kahihinatnan o ang pasyang ipapatupad ng judge ng Tagaytay City at Dasmariñas City ay natural na tatanggapin ko.

Pero mayroon pong ‘subalit.’

Bilang responsableng publisher, alam mong dapat ay kumpleto ka sa lahat ng papeles na siyempre ay hindi mga palso o expired na, pati ang opisina.

Marahil ay wala naman po sigurong dahilan upang ang igawad na desisyon ng isang judge ay dismiss o deny ang akreditasyon o petisyon ng isang publisher.

Komento lamang po ito at hindi isang uri ng pagtuligsa sa ating mga nirerespetong huwes.

At kaya ko lamang ito natatalakay ay upang bigyang suporta ang mga kapwa publisher na tumindig para sa tama o legal.

Subalit kapag ang umiral ay para sa pansariling kapakanan o interes ay sadyang hindi matatamo ang tunay na ipinaglalaban bagkus ay magkakaroon pa ng pagkakataon ang mga ‘kampon ng kadiliman’ para sa pagkakawatak-watak.

Hindi ko na po sana tatalakayin ang ganitong paksa kaya nga lamang ay pagbabago ang aking hangad na matatamo lamang kung ang bawat isa ay para sa katotohanan.

Nasabi ko na rin lang naman ang Tagaytay City at Dasmariñas City, banggitin ko na rin ang Bacoor City RTC.

Deny o dismiss ang aking petisyon at nitong Mayo ay naghain ako ng Motion for Reconsideration subalit hanggang sa ngayon ay wala pang resulta.

Sa kabila na ang aking publication bukod sa may tanggapan ay kumpleto at updated ang lahat ng dokumento ay pinagbatayan sa hatol ay dahil kaunti lamang ang mga balita o news ng HANEP para sa lalawigan ng Cavite.

Sinasabing wala naman sa umiiral na batas na dapat ay nakakalamang ang mga balita sa kung saang lalawigan nagsisirkula ang isang pahayagan para sa akreditasyon sa korte.

Pero diskresyon ng isang judge kung magdadagdag siya ng panibagong batas o mga batas hinggil dito, kagaya sa Dasmariñas City RTC.

Pero dapat ay sinusunod ito ng mga publisher na akredito sa Bacoor City RTC, kailangang ang kanilang mga dyaryo ay malaking porsiyento ng news articles ay about Cavite.

**Tama po ba?**

Nagtatanong lamang po!